Mataas na Pagkonsumo ng Enerhiya

CARE customer ka ba?

Gumamit ka ba ng mas maraming koryente/elektrisidad noong mainit ang mga panahon?

Bigla bang tumaas/lumaki ang iyong bills?

Malamang nawala ang diskwento mo sa CARE kung mataas ang iyong konsumo ng elektrisidad!

Kung biglang tumaas ang iyong mga bills o nakatanggap ka ng sulat tungkol sa pagkawala ng iyong CARE discount dahil sa 'mataas na pagkonsumo ng enerhiya' kontakin ang CHANGES para matulungan ka.

Maraming dahilan kung bakit mahalagang magkonserba ng enerhiya:

1. Nakatutulong ito sa kapaligiran!
2. Nakakatipid ka.
3. Kung sobra ang pagkonsumo mo ng enerhiya posibleng mawala ang CARE discount mo.

Para makasiguro na tumatanggap ka pa ng CARE discount mo, i-tsek mo ang iyong bill.

Ang pagbabago sa panahon ay posibleng dahilan ng mas mataas na pagkonsumo mo ng enerhiya kaysa sa dati. Maaaring nakatanggap ka na rin ng sulat na nagsasabing gumagamit ka ng sobrang enerhiya, pero hindi mo nalaman dahil sa Ingles ito nakasulat. Ang iyong organisasyong CHANGES ay makakatulong sa iyo para malaman kung naka-enrol ka pa rin sa CARE Program.

Ang ibig sabihin ng CARE ay California Alternate Rates for Energy. Ito ay programang nakabase sa kita at ang mga customer na naka-enrol sa CARE ay tumatanggap ng 30-35 porsiyentong diskwento sa kanilang electric bill at 20 porsiyentong diskwento sa kanilang natural gas bill.

Ganito ang paraan para malaman kung naka-enrol ka pa sa CARE program:

1. Hanapin ang pahina na may mga detalye ng mga electric charges.
2. Alamin kung may credit mula sa "CARE Discount".
3. O, humingi ng tulong sa iyong organisasyon na CHANGES para tulungan kang i-tsek ang iyong bill o tawagan ang utility company para sa iyo.

Kung gumagamit ka ng sobrang elektrisidad,
(lampas sa 400% ng iyong baseline allowance)
maaring mawala ang iyong CARE Discount!

Ganito ang mga paraan para malaman kung ginagamit mo ang 400% ng iyong baseline allowance:

1. I-tsek ang iyong bill at hanapin ang iyong Baseline Allocation (ang bilang ng kilowatt-hours (kWh) sa Tier 1.)
2. I-multiply ng 4 iyong Baseline Allocation. Ito ang iyong 400%.
3. Hanapin ang Total Energy Usage (kWh na nagamit sa lahat ng mga Tiers para sa buwan).
4. Kung ang iyong Total Usage ng kWh ay mas mababa sa 400%, ayos ka lang sa buwang iyon. Sikaping ganoon lamang ang iyong konsumo bawat buwan para makasigurong hindi mawawala ang iyong CARE discount.
5. Kung ang iyong Total Usage ng kWh ay mas mataas sa 400%, nanganganib na mawala ang iyong CARE discount. Kailangang ibaba mo ang iyong konsumo ng elektrisidad. Ang iyong organisasyong CHANGES ay pwedeng tumulong sa iyong makahanap ng mga paraan para mapababa ang paggamit mo ng enerhiya.

Anong mangyayari kung higit sa 400% ang nagagamit mo sa baseline allowance mo?

1. Makakatanggap ka ng sulat mula sa utility company mo na kailangan mong SAGUTIN AGAD. Ang sulat ay maaring nakasulat sa Ingles. Kung tumanggap ka ng sulat mula sa utility company, dalhin ito sa iyong organisasyon na CHANGES para matulungan ka.
2. Kailangan mong ipadala ang dokumentasyon para patunayang eligible ka sa CARE program sa loob ng 45 araw. Kasama sa mga forms ang:
    a) Income documentation- (tax forms ng lahat sa sambahayan)
    b) Completed High Energy Form/Income Verification Post-Enrollment Form
    c) Apply for Energy Savings Assistance Program (ESAP) Humingi ng tulong sa pagsagot sa mga forms sa iyong organisasyong CHANGES.
3. Kung lahat ng mga hakbang ay naisumite sa takdang panahon at inaprobahan ng utility company, dapat magpatuloy ang iyong CARE discount.
4. Pagkatapos nito, mahigpit na imomonitor ng utility company kung gaanong elektrisidad ang ginagamit mo kada buwan.
5. Kung gumamit ka ng lampas sa 600% ng iyong Base Allocation sa ALINMANG buwan, muli kang tatanggap ng sulat na nagbibigay impormasyon na may 90 araw ka para pababain ang iyong konsumo.

Kung hindi mo gagawin ang mga hakbang sa itaas:

1. Aalisin ka sa CARE at mawawala ang iyong diskwento, at hindi ka papayagang makasali sa Program sa susunod na 24 na buwan. (Iba-ban ka sa Program ng 24 na buwan)
2. Ang CHANGES program ay tutulungan kang mag-apela kung mayroon kang rasonableng paliwanag.

Ang iyong organisasyong CHANGES ay pwedeng i-tsek ang iyong mga bills, tulungan kang sagutan ang mga papeles, at kausapin ang utility company para sa iyo at sagutin ang iyong mga tanong at/o mga bagay na mahalaga sa iyo.

Kontakin ang iyong lokal na organisasyong CHANGES para humingi ng tulong:

Community Help and Awareness of Natural Gas and Electricity Services
"CHANGES"

Ang CHANGES ay isang programa ng California Public Utilities Commission
www.cpuc.ca.gov